2007 Police Accountability Review Panel

MGA PAALALA

Para sa Pangmadaliang Pag-labas Aug. 21, 2007

Konta: Judge Terrence Carroll, ret., 206.223-1669
carroll@jdrllc.com
Bob Scales, 206.684-8050
bob.scales@seattle.gov

Sa Sept. 10 Ang Police Accountability Review Panel ay hahanap ng komento sa Publiko

Ang komunidad ay nagpupursigi *na ibahagi ang kanilang kaalaman sa struktura, prosseso ng sistema ng pananagutan ng pulis sa Seattle*

SEATTLE – Judge Terrence Carroll, retirado., pinuno ng 2007 Police Accountability and Review Panel, ipapaalam ngayon ang mga hurado ay tatanggap ng komento galing sa publiko tungkol sa straktura at prosseso sa sistema tungkol sa responsibilidad ng pulis sa Seattle, katulad ng pangpersonal na ekperyensiya sa Office of Professional Accountability, sa pagpupulong na gaganapin sa Setyembre 10. Ang pagpupulong ay gaganapin sa pagitan ng alas sais y media ng gabi (6:30 at 9 p.m.) at alas nuwebe ng gabi sa Bertha Knight Landes Room, na matatagpuan sa lobby ng City Hall, 600 4th Ave. Sa mga nais magbigay ng komento maaari kayong maglagda simula sa alas sais ng hapon (6 p.m.). Sa bawat tagapagsalita ay lilimitahan haggang 3 minuto. Para sa hindi makakadalo maari kayong magpadala ng inyong komento via e-mail to pareviewpanel@seattle.gov o koreo ng U.S. sa:

Bob Scales
2007 Police Accountability & Review Panel Support
City of Seattle, Office of Policy & Management
P.O. Box 94745
Seattle, WA 98124-4745

Ang mga komento ay magiging parte ng pampublikong talaan.

“Ito na ang pagkakataon ng bawat mamayan na ibahagi ang kanilang kaalaman sa sistema ng Seattle’s police accountability na didirekta sa mga hurado,” sabi ni Carroll. “Ang hurado ang kakatawan ng malawak na perspektibo,at kami ay umaasa na makakarinig buhat sa ibat’ibang miyembro ng komunidad. Ang lahat ng ito ay napakahalaga ukol sa aming pagsulong sa hinaharap na pagsusuri.”

Kung sino man ang nagpaplanong dumalo sa pagpupulong na ito at mangangailangan ng serbisyong pagsasaling wika (interpretation service) kontakin po si Julie Johnson sa 206.684.0181 bago mag Agosto 30.

Ang pagpupulong na ito ay ite taped ng Seattle Channel at ang video ay makukuha online sa aming panel’s Web site: www.seattle.gov/policeaccountabilityreviewpanel/

--may kasunod pa-

Si Mayor Greg Nickels ay naghirang ng 11-miembro ng hurado para sa pagsusuri ng mga responsibilidad at sistema ng pulis sa syudad ng Seattle at nagrekomenda para sa pagpapabuti nito noong Hunyo 29, 2007. Ang mga hurado ay umaasa na aabot ang ulat sa Mayor sa buwan ng Nobyembre.

Ang hurado ay sinusuri ang bawat struktura at prosesso ng pulis sa Seattle at magbibigay ng huling ulat na ihahandog sa ating sistema, katulad ng kahit anong rekomendasyon para sa ikabubuti ng ating struktura o tungkulin sa sistemang ito. Ang mga rekomendasyong ito ay ibibigay sa Mayor at magbibigay ng mga basehan sa pagsulong para makasiguro na ang syudad ng Seattle ay may epektibo at malinaw na pananagutan.

Ang mga miyembro ng hurado ay ang mga sumusunod: Judge Terrence A. Carroll, retirado, tagapangulo; Bob Boruchowitz, bise chair; Jenny A. Durkan; Lorena González; Pramila Jayapal; Gary Locke; Hubert G. Locke; Judith Krebs; Mike McKay; Norman B. Rice; at Jennifer Shaw.

Responsibilidad ng Office of Professional Accountability (OPA) ay imbestigahan ang mga nakakaligtaang bigyang pansin ng mga pulisya sa Seattle. Ang layunin ng OPA ay tumanggap at mag-imbistiga sa mga reklamo ng mga mamamayan tungkol sa masamang asal ng mga pulis. Ang Office of Professional Accountability Auditor at ang Office of Professional Accountability Review Board pag-aaralan at iuulat ang mga trabaho ng OPA.

Ang Office of Professional Accountability ay nagsimula noong November 1999, sa tugon na inirekomenda ng mga hurado na hinirang ngayon si-Mayor Paul Schell upang pahalagahan ang issue ng responsibilidad ng mga empleyado sa departamento ng pulisya sa Seattle at ang pamamaraang ginamit para imbistigahan ang mga ulat tungkol sa hindi magandang asal ng mga pulis.

Noong 1999, pagkatapos ng mahigit tatlong buwang pag-iimbistiga ang hurado ay naglabas ng huling ulat. Bagamat walang malawak na ebidensiya na nakita sa katiwalian o di magandang asal, ang ulat ng hurado ay nagbigay ng mga sumusunod na rekomendasyon para madagdagan ang tiwala sa abilidad ng departamento na mapanatili ang pamantayan sa katapatan sa kanilang propesyon.

Ang resulta ng ulat ng mga hurado ay nilikha ang Office of Professional Accountability. Si Sam Pailca ang unang director ng OPA, ay hinirang ng mayor at kinumpirma ng mga konsehal noong 2000. Sa ilalim ng batas ng syudad, ang mga director ng OPA ay magsisilbi ng pinakamataas sa anim (6) na taon. Kathryn Olson ang kasalukuyang director ng OPA ay hinirang ng mayor at kinumpirma ng konsehal noong 2007.

Hinirang din ng mayor ang Office of Professional Accountability Auditor, ang independenteng sibilyang kontraktor ang siyang magrerebesa at magbibigay payo tungkol sa imbestigasyon. Ang Office of Professional Accountability Review Board, ay isang tatlong miyembro ng mamayang hurado na nilikha at hinirang ng mga konsehal ng syudad, pinag-aaralang mabuti ang imbestigasyon para tiyakin kung paano pangangasiwaan ng OPA. Ang grupo ay mag-uulat sa konsehal ng syudad.

# # #